



Bawagan introduces Silungang Molave (SiM)

Ang Balangkas ng UPD COVID-19 Task Force

Simula Nobyembre 2019, naging laman ng mga balita't pahayagan ang noo'y bagong virus na pinangalanang n-COVID-19.

Kagaya ng SARS, H1N1, at Middle Eastern Flu, ang bagong virus ay umaatake sa sistemang respiratoryo ng tao. Ayon sa mga eksperto sa kalusugan, ang n-COVID-19 ay higit na mapanganib kung ihahambing sa mga virus na nauna nang kumalat sa buong mundo, simula pa ng ikalawang milenyo. Pagpasok ng taong 2020, nagsimula ang paglaganap ng naturang virus sa iba't ibang bahagi ng daigdig at nakapasok na nga sa bansa noong Pebrero.

Kakaluklok pa lamang ni Prop Fidel R. Nemenzo, DSc. bilang Tsanselor ng UP Diliman (UPD) nang ipatupad ng pambansang pamahalaan ang lockdown o community quarantine sa buong Luzon. Dahil dito, kinailangan niyang bumuo ng isang komite upang pangasiwaan ang pagmamatyag sa posibleng pagpasok ng virus sa komunidad UPD, na binubuo ng mga kaguruan, mag-aaral, kawani, REPS, maging ng mga residente ng Barangay UP Campus.

Mahalaga ang pagkakatatag ng komite, na sa kalauna'y tinawag na UPD COVID-19 Task Force (UPD CTF) dahil malawak ang kailangang bigyang-pansin ng administrasyon hinggil sa pandaigdigang krisis sa kalusugan dulot ng COVID-19. Maliban dito, may mga tungkuling kailangan ding gampanan ang UPD bilang bahagi ng natatanging pambansang unibersidad ng bansa: ang maging pangunahing akademikong

institusyon na nangunguna sa larang ng pananaliksik, pagtuturo, malikhaing gawain, at ekstensiyon o serbisyo publiko.

Dahil sa hamon ng pandemya at ang mandato ng Unibersidad, nabuo ang Balangkas ng Pagtugon ng UPD sa pandemyang COVID-19. Ito ay binubuo ng apat na pangunahing aspeto: (1) Kalusugan, Kaligtasan, at Seguridad; (2) Usaping Akademiko; (3) Pagpapatuloy ng Serbisyong UPD; at (4) Epektibong Komunikasyon.

Ang unang aspeto ay binabantayan ang pagpapanatili ng pisikal at mental nakalusugan ng mga kasapi ng komunidad UPD. Ito rin ay may adhikaing makontrol ang transmisyon ng virus. Bago pa man ang Luzon-wide lockdown noong ikatlong linggo ng Marso, naglabas na ng mga protokol at gabay ang Opisina ng Tsanselor upang mapanatiling ligtas ang mga stakeholder ng UPD. Kaagad sinuspinde ang mga klase at trabaho maliban lamang sa mga essensiyal na tanggapan. Noong una, pinayagang pumasok ang skeleton workforce ngunit kinalauna'y idineklara ang estadong work-from-home sa buong UPD. Kaalinsabay nito, pinalakas ang presensiya ng PsycServ at iba pang serbisyong pangkalusugan na nagpatuloy ang operasyon sa pamamagitan ng transaksyong online. Samantala, nanatiling bukas ang UP Health Service (UPHS), na siyang naging kanlungan ng komunidad sa tuwing makaranas ng sintomas na kaugnay ng COVID-19.

Bagama't work-from-home, nagpatuloy ang pagpasok ng skeleton workforce ng mga esensiyal na yunit na may istriktong protocol upang maiwasan ang transmisyon ng virus. Maliban sa UPHS, nagpatuloy ang serbisyo ng Opisina ng Seguridad at Kaligtasan ng Publiko, Opisina ng Pangangalaga ng Kampus, at Ang Pulisya ng UPD upang mapanatili ang kaayusan,

kalinisan, at seguridad; Serbisyong Pangpakain ng Unibersidad at Opisina ng Pabahay para sa Mag-aaral upang umagapay sa mga stranded na mag-aaral; ang Opisina ng Impormasyon ng UPD para sa agarang pagpapalaganap ng impormasyon sa stakeholder ng UPD; at Opisina ng Akawnting, Opisina ng Badyet, at Opisina ng Pananalapi ng Diliman para sa tuluy-tuloy na pagpapasahod sa mga empleyado ng Unibersidad.

Bahagi pa rin sa aspetong Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad, ang mabusising pamamahala sa mga miyembro ng komunidad UPD na nakararanas ng sintomas o nagpositibo sa COVID-19. Binuo ang Espesyal na Komite para sa Pamamahala ng Kalusugan na naatasang magpalaganap ng impormasyon hinggil sa COVID-19 sa mga residente ng kampus. Ito rin ang tumulong sa lokal na pamahalaan sa pagtunton sa mga nakahalubilo ng mga nagpositibo sa COVID-19.

Sa pakikipagtulungan sa Philippine General Hospital at Philippine Genome Center, itinatag ang Kanlungang Palma at Silungang Molave, mga isolation facility para sa mga kinailangang sumailalim sa quarantine. Dito rin isinasagawa ang COVID-19 testing para sa komunidad. Sa ngayon, patuloy pa rin ang serbisyo ng Silungang Molave na tumanggap na rin ng mga taga-karatig-barangay na kailangang mag-quarantine.

Bukodsa isolation facility, nagdaraos din ang Unibersidad ng mga Gawain ukol sa pagsugpo sa paglaganap ng COVID-19 gaya ng RT-PCR testing at aktibong contact tracing sa mga stakeholder at naninirahan sa kampus.

Ang ikalawang aspeto ay ang pagbibigay ng holistikong suporta sa mga akademikong usapin. Bilang pambansang unibersidad, tungkulin ng UP ang maging modelo sa patuloy na pag-aaral, pananaliksik,

From left to right: An isolation room in SiM; Practicing physical distancing and other protocols



at iba pang akademikong gawain sa kabila ng panganib nadulot ng pandemya. Sa pakikipagtulungan ng Opisina ng Bise Presidente para sa mga Gawaing Akademiko ng Sistemang Unibersidad ng Pilipinas at ng Opisina ng Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko, ipinatupad ang remote learning setup para sa Unang Semestre ng Akademikong Taong 2020-2021.

Bahagi nito ang pagbibigay-suporta sa mga guro at mag-aaral ukol sa multi-modal na pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto. Pinaigting ng UPD ang mga Learning Management System nito lalo na ang University Virtual Learning Environment o UVLÊ na siyang modelo ng kasalukuyang virtual classroom ng UP Open University. Walang-humpay din sa pagbibigay ng webinar series, at online symposium at wokshop sa mga guro at mag-aaral, na naging daan upang maging maayos at makabuluhan ang pagbuo ng mga course pack at module para sa mga klase.

Sa tulong na rin ng alumni, napaigting ng Unibersidad ang Student Learning Assistance System, na sa pamamagitan nito ay nakapamahagi ng kompyuter at gadgets sa mga pinaka nangangailangang mag-aaral.

Pinalakas ang PsycServ upang makaagapay sa pagpapabuti ng kalusugang mental ng mga guro, mag-aaral, at kawani ng UPD. Nag-organisa ng mga peer learning group at iba pang volunteer group. Itinaguyod din ang Programa para sa Kalusugang Mental at Kagalingan ng Mag-aaral at ang Student Help Desk upang mapagbuti ang katatagang emosyonal ng mga estudyante.

Ang ikatlong aspeto ay ukol sa pagtiyak ng sapat at tuluy-tuloy na daloy ng mga serbisyo ng UPD. Nang ipinatupad ang Enhanced Community Quarantine (ECQ), ang mga esensiyal na serbisyo lamang ang pinayagang makapasok sa mga tanggapan. Inatasan ang bawat yunit na tukuyin ang kanilang mga serbisyong esensiyal at ang mga kawaning gumaganap nito ang siya lamang pahihintulutang pumasok sa opisina, samantalang ang iba pang mga kawani ay kinailangang mag-work-from-home.

Karamihan sa mga serbisyong esensiyal ay nagmumula sa sektor ng kalusugan, suplay ng pagkain

para sa mga stranded na estudyante at empleyado, lakas-tao, pananalapi, pamimili ng mga suplay at serbisyo, at pangangasiwa sa kalinisan at seguridad.

Habang ipinatutupad ang ECQ mula Marso 17 hanggang Abril 30 at Modified ECQ noong buwan ng Mayo, ang mga serbisyong esensiyal lamang ang pinayagang pumasok sa opisina. Nang ipatupad ang General Community Quarantine o GCQ noong Hunyo, unti-unting dumami ang mga Gawain sa Unibersidad dulot narin sa pagtaas ng bilang ng transaksyon particular sa lakas-tao at pananalapi. Gayunman, ipinatupad pa rin ang work-from-home arrangement sa karamihan sa mga empleyado at limitadong bilang ng araw na may kawani sa mga tanggapan. Kasabay nito, ang pagtaas ng transmision ng COVID-19 sa komunidad ay nagdulot ng pansamantalang pagsasara ng ilang opisina upang makapagsagawa ng disinfection.

Ang mga kasalukuyang sistema at proseso ay hindi dinisenyo upang madaling makalipat sa digital na pamamaraan ng paggawa. Kinailangang siyasatin ang mga gawain at serbisyo ng mga yunit at rebisahan kung kinakailangan upang mailangkap ang elektronikong transaksyon nang sa gayon ay mapadali ang pagpoproseso at pangangalaga sa mga ito.

Hangga't hindi lubusang napauunlad ang mga sistema at imprastraktura, kakailanganin ang karagdagang lakas-tao upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng opisina.

Upang matiyak na maayos na nagagampanan ng mga kawani ang mga gawain, kinakailangan ang suportang pinansiyal at lohistiko. Binigyan ng insentibo ang mga kinailangang pumasok sa opisina sa panahon ng ECQ at Modified ECQ dahil na rin sa panganib na dulot ng COVID-19. Ang mga health care worker na tuwirang



humaharap sa pandemya ay nakatanggap ng Special Risk Allowance na inaprubahan ng pamahalaan sa pamamagitan ng Bayanihan Act.

Naghanda ng mga shuttle service at pansamantalang matutuluyan sa mga dormitoryo para sa mga nakatira sa labas ng kampus o malayo sa UPD.

Dahil sa mga karagdagang pangangailangan para sa remote learning at mga online na transaksyon, labis na kinailangan ang serbisyong may kinalaman sa procurement at pondo. Bilang institusyong pampamahalaan, ang UPD ay saklaw pa rin ng mga batas at prosesong procurement. Nilimitahan din ang operasyon ng mga supplier dahil sa community quarantine.

Ang pasahod sa mga empleyado, supplier, at contractor ay kinailangang gawin sa pamamagitan ng pagdedeposito sa mga bangkong panggobyerno gaya ng Land Bank of the Philippines, Development Bank of the Philippines, at Veterans Bank, na pawang may limitadong oras din ng operasyon. Ito ay upang maging minimal ang pag-isyu at pangongolekta ng mga tseke at malimitahan ang mga taong pumupunta sa Opisina ng Pananalapi. Gayunpaman, patuloy na naghahanap ng makabagong pamamaraan ng pagbabangko at transaksyong pinansiyal ang UPD upang lalong mapainam ang serbisyo sa mga stakeholder nito.

Ang ikaapat na aspeto ay ang mabisang komunikasyon. Nang simulang ipatupad ang ECQ noong Marso, maraming Information, Education, and Communication o IEC material ang nabuo, gaya ng #TatagUP na slogan ng pagtugon ng UPD sa hamon ng pandemyang COVID-19, abisotungkolsamgakaso ng COVID-19 sakomunidad ng UPD, mensahe mula sa Tsanselor, bagong programang pagsasanay mula sa Opisina ng Pagpapaunlad ng Lakas-Tao, at modyul mula sa Coursera na maaaring i-subscribe ng mgaestudyante. Ang mga opisyal na anunsiyo ay inihahanda ng Opisina ng Impormasyon ng UPD (UPDIO).

Naipalalaganap din ng UPDIO sa publiko ang mga gabay gaya ng protocol pangkalusugan, usaping akademiko, paggamit ng dormitoryo, pagsusumite ng mga dokumento ukol sa lakas- tao at transaksyong pinansiyal, at iba pa. Patuloy ding ina-update ang mga gabay tuwing may bagong impormasyon o kailangang rebisahin ayon sa feedback mula sa komunidad.

Regular na naglalabas ng ulat ng mga inisyatiba ng mga yunit ng UPD sa iba't ibang platform gaya ng website, official social media account, email, at text upang mapag-ugnay-ugnay ang mga proyekto at potensiyal na beneficiary ng mga ito. Bumuo rin ng espesyal na portal na tinawag na #TatagUP sa website upang doon ilagak ang lahat ng impormasyong may kinalaman sa COVID-19 na makatutulong sa mga



UPD officials touring SiM

stakeholder ng UPD. Nagsisilbi ring coordinating unit ang UPDIO para sa pagpapasa ng impormasyon at tanong sa mga angkop na tanggapan. Pinagyaman ang Infoblast upang makapagpadala ng mga mahalagang anunsiyo sa pamamagitan ng text sa mga guro, kawani, REPS, estudyante, at administrador ng UPD.

Ang Balangkas ay namumukod-tangi sapagkat gumagamit ito ng holistiko, multi- at interdisiplinaryong lapit.

Nilalayan nitong supilin ang negatibong epekto ng COVID-19 sa sosyo-ekonomikong aspeto ng komunidad UPD sa pamamagitan ng pagtitiyak na nananatili ang kalusugan at kaligtasan ng lahat, sapat at tuluy-tuloy ang serbisyo, at may suporta sa akademiko at pampananaliksik na gawain sa Unibersidad sa pamamagitan ng mabisang komunikasyon.

Pawang bago ang mga aktibidad na isinagawa at nakatutugon sa pambihirang sitwasyong dulot ng pandemya sa komunidad ng UP Diliman.

Sa pamamagitan ng Balangkas, partikular ang pagtataguayod ng kagalingang panlahat at pag-iwas sa transmisyon at maayos na pangangasiwa ng suspect at kumpirmadong kaso ng COVID-19, natiyak ang kalusugan at kaligtasan ng nakararami.



Bagaman maayos na nagagampanan ng UPD ang mga gawain nito kahit may pandemya, nagagawa pa ring tiyaking mabigyang-suporta ang mga empleyado. Bahagi ng Balangkas ang sapat na lakas-tao para sa mga serbisyong esensiyal, suportang pinansiyal at lohistikal, at pagrerebisa ng mga gawain mula pisikal patungong birtuwal.

Bahagi ng tagumpay sa implementasyon ng Balangkas ay maiuugat sa pamalagiang pakikipag-ugnayan ng administrasyon ng UPD sa lokal ng pamahalaan ng Barangay UP Campus. Nagpapatuloy din ang pagbibigay ng testing sa publiko, tapat na pagtalima sa mga protocol pangkalusugan sa lahat ng bahagi ng kampus, at regular na pagbibigay-impormasyon ukol sa COVID-19 at kung paano matiwasay na maipagpapatuloy ang buhay at pamumuhay sa gitna ng pandemya.

Paglipas ng pandemya, isasagawa ng UPD ang isang komprehensibong risk assessment ng mga naging gawain nito at ipatutupad ang mga pagbabago kung kinakailangan. Dagdag pa rito, isasagawa rin ang mga hakbang upang mapaigi ang mga estratehiya sa pagtugon sa mga disaster.

Dahil dito, inilalatag ang mga sumusunod na plano:
(1) Public Health Database o DB at Information

System (InfoSys) na may sariling contact tracing app; (2) pagpapalakas sa Primary Care Program (PCP); (3) pagbuo ng computerized na sistema at imprastraktura upang bigyang-suporta ang remote learning at digital na pagtatrabaho; at (4) pakikipag-ugnayan sa iba pang ahensiya ng gobyerno upang mapag-inam ang kanilang mga polisiya at pamamaraan ng paggawa sa panahon ng pandemya na hindi nakokompromiso ang seguridad at integridad ng datos at mga transaksyon.

Gagamitin ng UPD ang kabihasaan ng kaguruan at mga mananaliksik nito upang magsagawa ng interdisiplinaryong pananaliksik tungo sa pagbuo ng Public Health DB at InfoSys na may sariling contact tracing app na magagamit sa mga panganib pangkalusugan sa hinaharap.

Sa pagpapalakas ng PCP, kakailanganin ng UPD ang mas maraming doktor at nars para sa UPHS. Palalawigin din ang pasilidad ng UPHS ukol sa bilang ng pasyenteng maaaring tanggapin, laboratoryo, at iba pang serbisyo.

Samantala, maglalaan ng pondo ang Unibersidad upang mapaunlad ang computerized system at imprastraktura upang mabigyang-suporta ang remote learning at digital na pagtatrabaho at transaksyon.

Bagaman malimit nang ginagawa ito bago pa ang pandemya, patuloy at laging makikipag-ugnayan ang UPD sa mga ahensiya ng gobyerno upang matupad ang pangakong ibahagi ang kaalaman at pananaliksik nang sa gayon ay mapagbuti pa ang pamamaraan ng pagtugon sa anumang kalamidad at disaster na kakaharapin ng bansa.

Sa kasalukuyan, ang UPD CTF ay binubuo nina Chancellor Fidel R. Nemenzo (Tagapangulo), Bise Tsanselor sa Gawaing Akademiko Tess Payongayong, Bise Tsanselor sa Administrasyon Adeline Pacia, Bise Tsanselor sa Pananaliksik at Pagpapaunlad Gonzalo Campoamor II, Bise Tsanselor sa Gawaing Mag-aaral Louise Jashil Sonido, Bise Tsanselor sa Gawaing Komunidad Aleli Bawagan, Bise Tsanselor sa Pagpapalano at Pagpapaunlad Raquel Florendo, Dr. Jesusa Catabui, Direktor ng UPHS, Dr. Aliza Pangaibat ng UPHS Public Health Unit, Asst. Vice President for Academic Affairs Evangeline Amor, Direktor Sir Anril Tiatco ng UPDIO, Dekano Giovanni Tapang ng Kolehiyo ng Agham, Direktor Laura David ng The Marine Science Institute, Atty. Jay Batungbacal ng Kolehiyo ng Batas, G. Jacob Olinguar ng UP CRS Team, Direktor Mahar Lagmay ng UP Resilient Institute, Prop. Jem Javier ng Departamento ng Lingwistiks, Dr. Marc Ayes ng Philippine Genome Center, Atty. Regine Estillore ng UPD Data Privacy Office at si Prop. Dulce Natividad ng Sentro ng Araling Asyano. Si Natividad din ang tumatayong Tagapangulo ng Special Committee para sa Public Health ng Task Force.